

Article Identifier: <https://identifier.visnav.in/1.0007/ijms-22j-13001/>

Terminolohiyang Pampanya na nasa Wikang Ingles at Implikasyon nito sa Pag-unawa

Andrea P. Adigue * and Mariel A. Valentino

College of Education, Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Nueva Ecija, Philippines.

* For correspondence: andreadiguet@gmail.com

Received on: 14 October 2022

Published on: 25 October 2022

ABSTRACT

Suppressing the pandemic is not only dependent on the discovery of a vaccine or medicine but also the awareness of each person on how to prevent it. Language is the unique bridge to pass and communicate important information to the people. It is important that the language used to express on television, radio, infographics and social media is understood by most of our country. This research aims to determine the factor that affects the understanding of pandemic terminology in the English language and its implications for understanding. Descriptive and quantitative methods were used. A questionnaire instrument was used as the main instrument to collect data on 100 respondents from Brgy. Pantoc Aliaga, Nueva Ecija. The results of the study showed that the age and level of education of the respondents are related to the level of their understanding of epidemiological terminology in the English language. Also, the frequency heard on the radio, seen on television and read in infographics/social media is also related to the level of understanding of the respondents. The study also revealed that the terminologies that are not well understood by the respondents are highly technical words, so it is appropriate to explain the meaning and concept in the Filipino language.

Keywords: Covid-19, implications, technical terms, pandemic terminology, understanding.

ABSTRAK

Ang pagsugpo sa pandemyang kinakaharap ay hindi lamang nakasalalay sa pagtuklas ng bakuna o gamot kundi maging ang kamalayan ng bawat tao sa kung paano ito maiiwasan. Wika ang natatanging tulay upang maipasa at maipabatid sa mamamayan ang mga mahahalagang impormasyon. Mahalaga na ang wikang ginagamit sa pagpapahayag sa telebisyon, radyo, infographics at social media ay nauunawaan ng karamihan sa ating bansa. Nilayon ng pananaliksik na ito na alamin ang salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles at ang

implikasyon nito sa pag-unawa. Ginamit ang pamamaraang deskriptibo at kwantitatibo. Gumamit ng instrumentong talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos sa 100 respondente mula Brgy. Pantoc Aliaga, Nueva Ecija. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang edad at antas ng pinag-aralan ng mga respondente ay may kaugnayan sa antas ng kanilang pag-unawa sa mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles. Gayundin, ang dalas na napapakikinggan sa radyo, napapanood sa telebisyon at nababasa sa mga infographics/social media ay may kaugnayan rin sa antas ng pag-unawa ng mga respondente. Lumabas din sa pag-aaral na ang mga terminolohiya na hindi gaanong nauunawaan ng mga respondente ay mga matataas na salitang teknikal kaya nararapat na ipaliwanag ang kahulugan at konsepto sa wikang Filipino.

Susing salita: Covid-19, implikasyon, salitang teknikal, terminolohiyang pampanya, pag-unawa.

1. INTRODUKSYON

Simula nang sumiklab ang ingay tungkol sa COVID-19 ay sumiklab din ang mga terminong kaugnay ng Covid-19 na nasa wikang Ingles. Ang mandato ng Komisyon sa wikang Filipino (KWF) na nilayon na himukin ang sambayanan upang masugpo ang patuloy na paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagtataguyod o paggamit ng wikang Filipino at ng katutubong wika sa pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid-publiko bilang pinakamabisang midyum sa pagkakaroon ng kolektibong pag-uunawaan ng sambayanan. Sinasabing ang paglutas sa pandemyang nararanasan ng ating bansa ay hindi lang nakasalalay sa pag-alam ng bakuna o gamot kundi ang kamalayan ng bawat tao sa kung paano maiiwasan at masusugpo ang sakit na ito. Wika ang natatanging tulay upang maipasa at maipabatid sa mamamayan ang mga mahahalagang impormasyon at ang paggamit ng wika na sinasalita at naiintindihan ng karamihan ay higit na epektibo sa pagpapalaganap nito. Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Buban (2014), higit na kailan pa man, ngayon ang panahon ng pagsasalin. Bunga ito ng mabilisang pagbabagong ibinunsod ng industriyalisasyon nang ika-20 siglo na lalong umigting sa paglakas ng globalisasyon nang ika-20 siglo—isang puwersang tuluyang nagpalobo at nagpalawak sa pangangailangan sa pagsasalin ng mga teksto at dokumentong maituturing na may katangiang teknikal. Mula rito ay nabanggit ang mabilisang pagbabagong

ibinunsod ng industriyalisasyon at globalisasyon. Kung iuugnay ng mananaliksik itong pagbabagong ito sa kasalukuyang kinakaharap ng bansa ibig sabihin kinakailangan din ang pagsasalin dahil sa kinakaharap na pandemiya dulot ng “coronavirus”.

Kaya naman para na rin sa pagpapaunlad ng intelektwalisasyon ng wika ang pag-aaral na ito ay isinagawa ng mananaliksik upang matukoy ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa ng mga mamamayan sa mga terminolohiyang pampanya. Isinagawa rin ang pananaliksik na ito upang malaman kung sa mga napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa infographics/social media na mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles ay nakapagdudulot ba ng kaunawaan sa mga mamamayan. Kaya ang pananaliksik na ito ay nilayon na malaman ang kabisaan ng wikang Ingles para sa pag-unawa ng mamamayan, nilayon din na matukoy kung may mga terminolohiyang pampanya bang hindi nauunawaan ng mamamayan at ang implikasyon nito sa pag-unawa. Kung mayroon ay nararapat na ang kahulugan at konsepto nito ay ipaliwanag sa wikang Filipino upang mas mauunawaan ng nakararami.

1.1. Teoretikal Na Batayan

Sa bahaging ito, makikita ang pinagbatayang teorya na kaugnay ng pag-aaral.

Ayon kay Almario (2018), isang paniniwala na sa kung may tiwala at paniniwalang sa pamamagitan ng wikang Filipino, bilang isang wikang ginagamit sa pag-iisip, maaaring ganap na mauunawaan at maipaunawa ang isang konsepto sa agham o ano pa man.

Ayon kay Cummins (1979), sa prosesong pangwika, nabibilang dito ang batayang kaalaman sa mga sangkap sa pagsulat, talasalitaan at balarila at sa mas malalim na antas ng pag-unawa sa semantikong kahulugan at punksyunal na kahulugan ng salita o gamit ng wika.

Ayon kay Narvaez (2020), maraming termino na itinuturing na jargon sa larang ng medisina kaya bukod sa pagpapakahulugan ay kailangan pa rin na ipaliwanag nang masinsinan ang mga terminong ito sa wikang Filipino.

Ayon kay Dagatan et al., (2018), malaking bahagdan ng mga mamamayan ay nahihirapan sa mga terminolohiyang teknikal o pangmedikal at ang mga salitang hindi nila alam ang ibig sabihin ay mga salitang teknikal din. Tila nagkakaroon ng suliranin sa pagtanggap ng nasabing kaalaman ang mga Pilipino batay sa mga daing sa post ng balita at press briefing- mga samu't saring komento ng kagustuhan na ipaliwanag sa wikang Filipino ng mga anunsyong karamihan ay wikang Ingles ang gamit na lalo lamang pinahirap ng teknikal na mga terminong pang-agham sa ibang wika.

2. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay patungkol sa pag-alam sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles at ang implikasyon nito sa pag-unawa. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamamaraang deskriptibo at kwantitatibo. Ang deskriptibong pamaraan ay tumutukoy sa paglalarawan ng kalagayan ng sitwasyon

at katangian ng bagay. Karaniwan itong ginagamit ukol sa pananaliksik sa panitikan, linggwistika, at agham panlipunan. Ang pag-aaral ay pagtukoy sa salik na nakakaapekto sa pag-unawa ng mga mamamayan sa mga terminolohiyang pampanya na nakasulat sa wikang Ingles. Kwantitatibong pamamaraan naman ang pananaliksik na ginamit dahil sa pagtatangkang mabigyang- istatistika ang datos na nakalap ng mga mananaliksik.

Ginamit ng mananaliksik ang Convenience Sampling sa pagpili ng mga respondent. Kinuha ang eksaktong bilang ng respondente sa pamamagitan ng Slovin's Formula na kung saan ang ginamit na margin of error ay 10% mula sa kabuuang populasyon ng Brgy. Pantoc Aliaga, Cabanatuan City. Binubuo ng isang daan (100) mamamayan ang naging respondente sa pag-aaral.

Gumamit ng instrumentong talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ibinahagi ito sa mga respondente sa pamamagitan ng online o google form. Ang talatanungan ay nahahati sa dalawang pangkat. Ang unang bahagi ay para sa demograpikong propayl ng mga piling respondente at ang ikalawang bahagi naman ay ang survey ukol sa paksang pinag-aaralan. Gumamit din ng tseklist at Likert Type Scale upang malaman ang kasagutan at persepsyon ng mga respondente tungkol sa mga terminolohiyang pampanya. Kinolekta ng mga mananaliksik ang mga terminolohiyang pampanya sa website ng Philippine Genome Center at UVAHealth Coronavirus and Covid-19: Glossary of Terms na siyang ginamit upang malaman ang mga terminolohiyang madalas mapanood sa telebisyon, mapakinggan sa radyo at mabasa sa mga infographics/social media ng mga respondente.

2.1. BALIDASYON NG INSTRUMENTO

Ang mga nakolektang mga terminolohiyang pampanya na ginamit sa talatanungan ay nagmula sa website ng Philippine Genome Center at UVAHealth Coronavirus and Covid-19: Glossary of Terms na tunay na mapagkakatiwalaan dahil mga eksperto ang bumubuo sa mga organisasyong ito at may sapat na kaalaman sa larangan ng pangkalusugan at terminolohiyang pampanya.

Ang talatanungan na ginamit sa pangangalap ng datos ay ipinasuri at iniwasto ng mga eksperto sa larang.

2.2. ISTATISTIKONG PAGLALAPAT NG DATOS

Ang mga datos ay mahalaga upang maging batayan ng pananaliksik. Upang mabigyan ng makabuluhang interpretasyon ang mga nakalap na datos, ginamit ang Frequency and Percentage Distribution nang malaman ang tiyak na bahagdan at masagot ang unang suliranin ng pag-aaral.

Pormula para sa *percentage*:

$$x = F \times 100 / N$$

na kung saan:

F = *frequency* o bilang ng mga sagot

N = kabuuang bilang ng mga respondente

x = kabuuang bahagdan o percentage

Ginamit din ang *Weighted Mean* o ang instrumentong ginagamit upang buuin ang mga sagot sa isang pagpapakahulugan at makuha ang pangkalahatang sagot ng mga respondente.

Pormula para sa *weighted mean*:

$$WM = \sum(wf) / N$$

na kung saan:

WM = *weighted mean*

w = bilang ng bawat kategorya

f = bilang ng mga sagot sa bawat kategorya

N = kabuuang bilang ng mga sumagot o respondente

Σ = summation o kabuuang bilang ng w at f

Ginamit din ang *Pearson r Correlation* upang makita kung may kaugnayan ba ang demograpikong propayl (edad, kasarian at antas ng pinag-aralan) sa pag-unawa ng mga terminolohiyang pampanya. Gayundin kung may kaugnayan ba ang dalas na napakikinggan, nakikita at nababasa ang mga terminolohiyang pampanya sa antas ng pag-unawa.

Upang sagutin ang ikalawang suliranin ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng panukatang puntos:

Panukatang Puntos	Weighted Mean	Interpretasyon
5	4.20 – 5.00	Palagi
4	3.41 - 4.20	Madalas
3	2.61 – 3.40	Paminsan-minsan
2	1.81 – 2.60	Bihira
1	1.00 – 1.80	Hindi Kailanman

Para sa ikatlong suliranin ng pag-aaral, narito ang panukatang puntos na ginamit.

Panukatang Puntos	Weighted Mean	Interpretasyon
5	4.20 – 5.00	Lubos na nauunawaan
4	3.41 - 4.20	Nauunawaan
3	2.61 – 3.40	Hindi gaanong nauunawaan
2	1.81 – 2.60	Hindi nauunawaan
1	1.00 – 1.80	Lubos na hindi nauunawaan

3. PRESENTASYON, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagpapahayag ng mga kabatiran mula sa nakalap na mga datos sa mga respondente na mga piling mamamayan ng Brgy. Pantoc, Aliaga hinggil sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa mga terminolohiyang pampandeya na nakasulat sa wikang Ingles at ang implikasyon nito sa pag-unawa.

3.1. DEMOGRAPIKONG PROPAYL NG MGA RESPONDENTE

Makikita sa talahanayan bilang 3 ang mga tugon ng respondente batay sa kanilang edad. Una, mayroong tatlumpu't apat (34) na respondente ang sumagot sa edad na 15-25 o 34%. Samantalang mayroon namang tatlumpu't tatlong (33) respondente ang ang nasa edad 26-45 o 33%. Ikahuli, mayroon ding tatlumpu't tatlong (33) respondente ang sumagot na nasa edad 46 pataas na may 33%.

Batay sa talahanayan bilang 4, makikita ang tugon ng mga piling mamamayan sa Barangay Pantoc, Aliaga Nueva Ecija. Lumalabas na 57 sa respondente ay babae na may 57% samantalang mayroon namang 43 na lalaki na sumagot na may 43%.

Makikita mula sa talahanayan bilang 5 ang mga tugon ng mga respondente batay sa kanilang antas ng pinag-aralan. Nangunguna rito ang 49 na respondente na nagtapos ng kolehiyo o kasalukuyang nag-aaral ng kolehiyo na mayroon ding 49 na bahagdan. Samantalang mayroong tatlo (3) sa respondente ang nakapagtapos ng elementarya na may tatlong (3) bahagdan. Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Dagatan et al (2018), bukod sa abilidad na bumasa at sumulat ay naaapektuhan din ng antas ng edukasyong natapos ang pag-intindi sa mga sinasabi ng mga nasa larangan ng medisina lalo na sa mga salitang teknikal.

Talahanayan Blg 3. Edad ng mga Respondente

Edad ng respondente	Bilang ng mga sumagot	Bahagdan
15-25	34	34%
26-45	33	33%
46 pataas	33	33%
Kabuuang bilang	100	100%

Talahanayan Blg 4. Kasarian ng mga Respondente

Kasarian ng respondente	Bilang ng mga sumagot	Bahagdan
Babae	57	57%
Lalaki	43	43%
Kabuuang bilang	100	100%

Talahanayan Blg 5. Antas ng Pinag-aralan ng mga Respondente

Antas ng pinag-aralan ng respondente	Bilang ng mga sumasagot	Bahagdan
Elementarya	3	3%
Sekondarya	44	44%
Kolehiyo	49	49%
Bokasyunal	4	4%
Kabuuang bilang	100	100%

Batay sa talahanayan bilang 6, ang mga terminolohiyang pampanyemya na palaging napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa infographics/social media ng mga respondente ay ang community quarantine na may weighted mean na 4.68, confirmed case na may 4.68, contact tracing na may

4.45, Coronavirus (CoV) na may 4.67.

Samantala, ang mga terminolohiyang pampanyemya na madalas na napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa infographics/social media ng mga respondente ay ang asymptomatic na may weighted

Talahanayan Blg 6. Dalas na Napapanood sa Telebisyon, Napakikinggan sa Radyo at Nababasa sa Infographics/ Social Media ang mga Terminolohiyang Pampanyemya na nasa wikang Ingles

TERMINOLOHIYANG PAMPANDEMYA	WEIGHTED MEAN	INTERPRETASYON
Acute respiratory stress syndrome	3.17	Paminsan-minsan
Airborne	3.32	Paminsan-minsan
Alert system	3.5	Paminsan-minsan
Asymptomatic	4.03	Madalas
Bioinformatics	2.65	Paminsan-minsan
carrier	4.13	madalas
Case fatality rate	3.31	Paminsan-minsan
Clinical trial	3.6	Madalas
Code blue alert	2.9	Paminsan-minsan
Code red alert	2.99	Paminsan-minsan
Code white alert	2.85	Paminsan-minsan
Communicable	3.67	Madalas
Community quarantine	4.68	Palagi
Community spread	4.15	Madalas
Confirmed case	4.68	Palagi
Congregate settings	2.9	Paminsan-minsan
Contact tracing	4.45	palagi
Contactless	3.46	Madalas
Containment area	3.54	Madalas
Coronavirus (CoV)	4.67	Palagi
COVID-19	4.78	Palagi
Department of Health	4.77	Palagi
DNA Sequencing	3.7	Madalas
Droplet	3.93	Madalas
Epidemic	4.37	palagi
Epidemiologist	3.46	Madalas
Essential business	3.39	Paminsan-minsan
Fatality rate	3.67	Madalas
Flattening the curve	3.4	Paminsan-minsan
GenAmplify™ COVID-19 rRT-PCR detection kit	3.28	Paminsan-minsan
Herd Immunity	3.12	Paminsan-minsan
High risk	4.03	Madalas
Hydroxychloroquine	2.76	Paminsan-minsan
Hoarding	2.89	Paminsan-minsan
Immune system	4.29	Palagi
Immunosuppressed	2.84	Paminsan-minsan
Incubation period	3.39	Paminsan-minsan
Index case	3.03	Paminsan-minsan
Index patient	2.98	Paminsan-minsan
Influenza Flu	3.33	Paminsan-minsan
Isolation	4.33	Palagi

Local transmission	4.21	Palagi
National Emergency	4.03	Madalas
Novel coronavirus	4.03	Madalas
Outbreak	4.46	Palagi
Pandemic	4.71	Palagi
Pathogen	3.44	Madalas
Patient zero	3.27	Paminsan-minsan
Person-to-person transmission	4.16	Madalas
Person under investigation	4.36	Palagi
Person under monitoring	4.37	Palagi
Personal protective equipment	4.23	Palagi
Philippine Genome Center	3.37	Paminsan-minsan
Pre-symptomatic	3.64	Madalas
Presumptive positive case	3.53	Madalas
Public health emergency	4.07	Madalas
Quarantine	4.73	Palagi
Remdesivir	2.65	Paminsan-minsan
Research Institute For Tropical Medicine	3.23	Paminsan-minsan
Respirator	3.52	Madalas
SARS-COV2	3.92	Madalas
Screening	3.79	Madalas
Self-isolation	4.31	Palagi
Self-quarantine	4.48	Palagi
Shelter-in-place	3.61	Madalas
Super-spreader	3.28	Paminsan-minsan
Symptomatic	4.32	Palagi
Social distancing	4.71	Palagi
Test kit	4.39	Palagi
Vaccine	4.67	Palagi
Ventilator	3.72	Madalas
Virus	4.78	Palagi
World Health Organization	4.57	Palagi
KABUUAN	3.79	MADALAS

mean na 4.03, carrier na may 4.13, clinical trial na may 3.6, communicable na may 3.67.

At ang mga terminolohiyang pampanya na paminsan-minsan lamang na napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa infographics/social media ng mga respondente ay ang acute respiratory stress syndrome na may 3.17, airborne na may 3.32, alert system na may 3.5 bioinformatics na may 2.65.

Sa kabuuan, lumabas na 3.79 ang weighted mean at ibig sabihin napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa infographics/ social media ng mga respondente ang mga terminolohiyang pampanya

na nasa wikang Ingles. Ayon kay Narvaez (2020), sa paglaganap ng Covid 19 sa Pilipinas ay siya ring paglaganap ng mga terminolohiyang madalas na mabanggit ng DOH sa mga presscon at sa iba't ibang midya.

Batay sa talahanayan bilang 7, ang mga terminolohiya pampanya na nasa wikang Ingles na lubos na nauunawaan ng mga respondente ay ang carrier na may weighted mean na 4.23, community quarantine na may 4.67, community spread na may 4.31.

Samantala, ang mga terminolohiyang pampanya na nauunawaan ay ang Airborne na may 3.7 na weighted

mean, alert system na may 3.8, asymptomatic na may 4.15.

Ang mga terminolohiya naman na hindi gaanong nauunawaan ay ang acute respiratory stress syndrome na may 3.37 na weighted mean, bioinformatics na may

2.96, code blue alert na may 3, code red alert na may 2.99.

Sa kabuuan, ang mga terminolohiyang ito ay nakakuha ng kabuuan na 3.88 na weighted mean na ibig sabihin ito ay nauunawaan lamang at hindi lubusang

Talahanayan Blg 7. Antas ng Pag-unawa ng mga Respondente sa mga Terminolohiyang Pampandemya na nasa Wikang Ingles

TERMINOLOHIYANG PAMPANDEMYA	WEIGHTED MEAN	INTERPRETASYON
Acute respiratory stress syndrome	3.37	Hindi gaanong nauunawaan
Airborne	3.7	Nauunawaan
Alert system	3.8	Nauunawaan
Asymptomatic	4.15	Nauunawaan
Bioinformatics	2.96	Hindi gaanong nauunawaan
Carrier	4.23	Lubos na nauunawaan
Case fatality rate	3.52	Nauunawaan
Clinical trial	3.7	Nauunawaan
Code blue alert	3	Hindi gaanong nauunawaan
Code red alert	2.99	Hindi gaanong nauunawaan
Code white alert	2.99	Hindi gaanong nauunawaan
Communicable	4.01	Nauunawaan
Community quarantine	4.67	Lubos na nauunawaan
Community spread	4.31	Lubos na nauunawaan
Confirmed case	4.59	Lubos na nauunawaan
Congregate settings	3.26	Hindi gaanong nauunawaan
Contact tracing	4.49	Lubos na nauunawaan
Contactless	3.99	Nauunawaan
Containment area	3.8	Nauunawaan
Coronavirus (CoV)	4.48	Lubos na nauunawaan
COVID-19	4.68	Lubos na nauunawaan
Department of Health	4.68	Lubos na nauunawaan
DNA Sequencing	3.58	Nauunawaan
Droplet	3.94	Nauunawaan
Epidemic	4.41	Lubos na nauunawaan
Epidemiologist	3.65	Nauunawaan
Essential business	3.79	Nauunawaan
Fatality rate	3.5	Nauunawaan
Flattening the curve	3.19	Hindi gaanong nauunawaan
GenAmplify™ COVID-19 rRT-PCR detection kit	3.17	Hindi gaanong nauunawaan
Herd Immunity	3.16	Hindi gaanong nauunawaan
High risk	4.1	Nauunawaan
Hydroxychloroquine	2.83	Hindi gaanong nauunawaan
Hoarding	3.21	Hindi gaanong nauunawaan
Immune system	4.44	Lubos na nauunawaan
Immunosuppressed	3.12	Hindi gaanong nauunawaan
Incubation period	3.6	Nauunawaan
Index case	3.1	Hindi gaanong nauunawaan
Index patient	3.09	Hindi gaanong nauunawaan
Influenza Flu	3.59	Nauunawaan
Isolation	4.28	Lubos na nauunawaan

Local transmission	4.2	Nauunawaan
National Emergency	4.17	Nauunawaan
Novel coronavirus	4.16	Nauunawaan
Outbreak	4.3	Nauunawaan
Pandemic	4.66	Lubos na nauunawaan
Pathogen	3.44	Nauunawaan
Patient zero	3.48	Nauunawaan
Person-to-person transmission	4.28	Lubos na nauunawaan
Person under investigation	4.28	Lubos na nauunawaan
Person under monitoring	4.31	Lubos na nauunawaan
Personal protective equipment	4.32	Lubos na nauunawaan
Philippine Genome Center	3.35	Hindi gaanong nauunawaan
Pre-symptomatic	3.65	Nauunawaan
Presumptive positive case	3.65	Nauunawaan
Public health emergency	4.24	Lubos na nauunawaan
Quarantine	4.62	Lubos na nauunawaan
Remdesivir	2.91	Hindi gaanong nauunawaan
Research Institute For Tropical Medicine	3.51	Nauunawaan
Respirator	3.56	Nauunawaan
SARS-COV2	4.04	Nauunawaan
Screening	3.92	Nauunawaan
Self-isolation	4.35	Lubos na nauunawaan
Self- quarantine	4.5	Lubos na nauunawaan
Shelter-in-place	3.83	Nauunawaan
Super-spreader	3.53	Nauunawaan
Symptomatic	4.19	Nauunawaan
Social distancing	4.69	Lubos na nauunawaan
Test kit	4.55	Lubos na nauunawaan
Vaccine	4.64	Lubos na nauunawaan
Ventilator	3.82	Nauunawaan
Virus	4.64	Lubos na nauunawaan
World Health Organization	4.59	Lubos na nauunawaan
KABUUAN	3.88	NAUUNAWAAN

nauunawaan.

Napansin na ang mga terminolohiyang hindi lubos na nauunawaan ay mga malalim na terminolohiyang teknikal o pangmedikal. Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Dagatan et al., (2018), tungkol sa implikasyon sa pag-unawa ng mga Pilipino sa midyum na wikang Ingles na ginagamit sa mga gamot ay malaking bahagdan ng mga respondente ay nahihirapan sa mga terminolohiyang teknikal o pangmedikal at ang mga salitang hindi nila alam ang ibig sabihin ay mga salitang teknikal din.

Ang talahanayan bilang 8 ay naglalarawan sa kaugnayan sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente (edad, kasarian at antas ng pinag-aralan)

sa antas ng pag-unawa nila sa mga terminolohiyang pampanya. Lumabas sa pag-aaral na may ugnayan sa pagitan ng edad at antas ng pag-unawa dahil ang nakompyut na statistically significant na 0.032 ay mas maliit kaysa sa 0.05. Kaya mayroon sapat na katibayan upang hindi tanggapin ang null hypothesis. Ang ugnayan ay lumabas na negligible negative correlation. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan lamang na mas mataas ang pag-unawa ng mga mas bata kumpara sa mga mas matanda sa mga terminolohiyang pampanya. Kadalasang nakatatanda ang hirap sa pag-intindi ng mga salitang teknikal at ayon sa pag-aaral ni Dagatan et al., (2018), ang mga kabataan ang may abilidad na umintindi ng mga salitang teknikal.

Talananayan Blg 8. Ugnayan sa Pagitan ng Demograpikong Propayl ng mga Respondente at Antas ng Pag-unawa sa mga Terminolohiyang Pampanya na nasa Wikang Ingles

		ANTAS NG PAG-UNAWA
Edad	Pearson Correlation	-.214*
	Sig. (2-tailed)	.032
	N	100
Kasarian	Pearson Correlation	-.138
	Sig. (2-tailed)	.172
	N	100
Antas ng Pinag- aralan	Pearson Correlation	.280**
	Sig. (2-tailed)	.005
	N	100

Talananayan Blg 9. Ugnayan ng Dalas na Mapanood sa Telebisyon, Mapakinggan sa Radyo at Mabasa sa Infographics/Social Media ang mga Terminolohiyang Pampanya na nasa Wikang Ingles at Antas ng Pag-unawa

		ANTAS NG PAG-UNAWA
Dalas na mapakinggan, makita at mabasa ang mga terminolohiyang pampanya	Pearson Correlation	.787**
	Sig. (2-tailed)	.003
	N	100

Lumabas din sa pag-aaral na walang kaugnayan ang kasarian sa antas ng pag-unawa ng mga respondente dahil ang nakompyut na statistically significant na 0.172 ay mas mataas sa 0.05. Kaya walang sapat na katibayan upang hindi tanggapan ang null hypothesis.

Ikahuli, lumabas sa pag-aaral na mayroong ugnayan sa pagitan ng antas ng pinag-aralan at antas ng pag-unawa dahil ang nakompyut na statistically significant na 0.005 ay mas maliit sa 0.01. Kaya mayroong sapat na ebidensiya upang hindi tanggapan ang null hypothesis at lumabas na mayroong negligible positive correlation. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan lamang na mas mataas ang antas ng pinag-aralan ng mga respondente ay mas malaki ang oportunidad na maunawaan nila ang mga salita. Ayon kay Mekonen, Manalew at Ambelu (2014), may kaugnayan ang aspeto ng antas ng edukasyong tinapos sa mas malinaw na pag-intindi lalo na para sa mga salitang teknikal para sa pasyente.

Batay sa talananayan bilang 9, lumabas na mayroong relasyon sa pagitan ng dalas na mapanood sa telebisyon,

marinig sa radyo, at mabasa sa infographics/ social media ang mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles at antas ng pag-unawa dahil ang lumabas na statistically significant na 0.003 ay mas mababa sa 0.01. Kaya mayroong sapat na katibayan upang hindi tanggapan ang null hypothesis at lumabas na ito ay may mataas na positibong ugnayan. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan lamang na mas mataas ang pag-unawa ng mga respondente sa mga terminolohiyang pampanya kung mas madalas nila itong napakikinggan. Nagkakaroon sila ng kaalaman at ang mga terminolohiyang paminsan-minsan lamang na naririnig, nakikita at nababasa ang lumabas na hindi gaanong nauunawaan ng mga respondente. Sapagkat habang naririnig ng tao nang paulit-ulit ang isang partikular na domain, ang dating kaalaman ay hahantong sa mas mabuting pag-unawa (Cervetti, Jaynes at Hiebert, 2009). Gayundin, kapag laging nababasa ang mga terminolohiya ay maaaring tumaas ang pag-unawa ukol ditto.

3.2. IMPLIKASYON NG MGA TERMINOLOHIYANG PAMPANDEMYA NA NASA WIKANG INGLES SA PAG-UNAWA NG MGA RESPONDENTE

Malaking papel ang ginagampanan ng kamalayan ng bawat tao ukol sa virus na sa tamang impormasyon ay magkakaroon ng epektibong pamamaraan para sa pag-iwas laban sa nakamamatay na sakit. Gayundin, ang ginagamit na wika ay may malaking epekto rin sa pag-unawa ng mamamayan sa mga impormasyong kaugnay ng pandemya.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ang ilan sa mga terminolohiya pampanya na nasa wikang Ingles ay kanilang lubos na nauunawaan at mayroong mga terminolohiya na kanilang napapanood, napakikinggan at nababasa ngunit hindi gaanong nauunawaan na maaaring maging sanhi ng kalituhan. Napansin na ang mga salitang ito ay malalim na terminolohiyang teknikal at walang tuwirang salin sa Filipino. Sa isinagawang pag-aaral nina Dagatan et al., (2018), natuklasan na mayroong implikasyon sa pag-unawa ng mga Pilipino ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum na ginagamit sa medisina na maiugnay rin sa mga terminolohiyang pampanya. Gayunpaman kahit binabasa ng mga Pilipino ay nagkakaroon ng kakulangan sa pag-intindi dahil sa gamit na midyum ng wika at sa mga teknikal na terminolohiya. Sinasabing kadalasang napag-iwanan hinggil sa kinakaharap na sitwasyon ang mga nasa laylayan ng lipunan dahil nasa banyagang wika ang ginagamit sa pagpapaliwanag. Gayundin, ang kakulangan o kawalan ng abilidad na maunawaan ang mga terminolohiyang teknikal ay malaki ang naging epekto sa mga tumatanggap ng mga impormasyon, iyan ay ayon na rin sa PCC Institute for Health and Professional.

Sinasabing ang pagsasalin sa mga terminong teknikal ay hindi kinakailangan ang pagsasaling salita-sa-salita

kundi ang pagpapaliwanag sa kahulugan at konsepto nito gamit ang Target Language. Ayon kay Almario (2016), kailangang maging komunikatibo ang pagsasaling teknikal sabi nga ng mga eksperto, kailangang itong nakaangkop sa target na mambabasa at may layuning maglingkod sa target na mambabasa.

Mahalagang gamitin ang mga salitang nauunawaan ng karamihan upang bigyang detalye ang krisis pangkalusugang nararanasan. Sapagkat, malimit na nagiging dahilan ng pagsasalin ay ang nadudulot na serbisyo nito sa madla. Mahalagang gamitin ang wikang kinagisnan ng lahat at mas madaling maipunawa ang karanasan ng bayan kung ang wika ng bayan ang gagamitin. Ayon kay Almario, et al (1996), batay sa pagsasakontekstwalisa ng wika gamit ang pagsasalin, masisipat na ang layunin nito ay “ang pagsulong ng wika at kamulatang pambansa”.

4. KONKLUSYON

Madalas na mapanood sa telebisyon, mapakinggan sa radyo at mabasa sa infographics/ social media ng mga respondente ang mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles at nauunawaan ng mga respondente ang karamihan sa mga terminolohiyang pampanya ngunit may ilang teknikal na salita ang hindi nila lubos na nauunawaan. Kapansin-pansin rin na may mas mataas na pag-unawa ang mga bata kumpara sa mga mas matanda pagdating sa mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles.

Ang may mas mataas na antas ng pinag-aralan ay mas malaki ang oportunidad na matutunan nila ang mga terminolohiyang pampanya na nasa wikang Ingles. Napagtanto na mas mataas ang pag-unawa ng mga respondente sa mga terminolohiyang pampanya kung mas madalas nila itong napapanood sa telebisyon, napakikinggan sa radyo at nababasa sa mga infographics/social media. Kung kaya’t nararapat na ang

mga teknikal na salita na hindi gaanong nauunawaan ng mga mamamayan ay mas mainam na ipaliwanag ang konsepto sa wikang Filipino.

5. PAGKILALA

Ang pag-aaral na ito ay hindi maisasakatuparan kung hindi dahil sa tulong at suporta ng mga tagatugon sa pag-aaral na ito, kung kaya't taos pusong nagpapasalamat ang mga mananaliksik

6. CONFLICT OF INTEREST

The authors have declared that there is no conflict of interest.

7. SOURCE/S OF FUNDING

NA

8. REFERENCES

1. Almario, V. (2016) Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa Baguhan. <https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2017/03/Batayang-Pagsasalin.pdf>.
2. Anglo, E., Ricafrente, L., et al. (2010) Pagsasalang Wika sa Konteksto ng Agham at Teknolohiya. <http://makatanista.blogspot.com/2010/12/pagsasal-ingwika-sa-konteksto-ng-agham.html?m=1>.
3. Bonabon, M. (2020) Mga Danas at Dalumat sa Paghuhubad sa Panahon ng Krisis. <https://booksphilippines.gov.ph/mga-danas-at-dalumat-sa-paghuhubad-sapanahon-ng-krisis/>.
4. Buban, R.(2014) Ang Pagsasalang Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga/ Technical Translation: Revisiting the Practice and Essentials. https://www.researchgate.net/publication/316249602_Ang_Pagsasalang_Teknikal_Pagsipat_sa_Praktika_at_Pagpapahalaga_Technical.
5. Candia D. (2020). Kahulugan, Layunin, at Kahalagahan ng Pagsasalin. (2020, Mayo 30). <https://www.doccity.com/en/kahulugan-layunin-at-kahalagahan-ng-pagsasalin/5612579/>.
6. Candia D. (2020). Pagsasalang wika sa Tekstong Teknikal, Study Guides, Projects, Research for English Language. <https://www.doccity.com/en/pagsasalang-wika-sa-tekstong-teknikal/15612724>.
7. Dagatan, D. et al., (2018), Implikasyon sa Pag-unawa ng mga Pilipino sa Midyum na Wikang Ingles na Ginagamit sa mga Gamot: Isang Pag-aaral. <https://www.scribd.com/document/383195296/IMPLIKASYON-SA-PAG-UNAWA-NG-MGA-PILIPINO-SA-MIDYUM-NA-WIKANG-INGLES-NA-GINAGAMIT-SA-MGA-GAMOT-ISANG-PAG-AARAL>.
8. Domingo, E. (2020). Wikang Filipino at Kasaysayan sa Panahon ng Pandemya: Ang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa Panahong Ligalig. <https://manilatoday.net/wikang-filipino-at-kasaysayan-sa-panahon-ng-pandemya-ang-pagdiriwang-ng-buwan-ng-wika-sa-panahong-ligalig/>.
9. Federici, F. at O' Brien, S. (2019) Translation as Risk Reduction in Translation in Cascading Crises (London: Routledge), salin ni Mark Bonabon (Biri, Hilagang Samar, 2020) <https://booksphilippines.gov.ph/mga-danas-at-dalumat-sa-paghuhubad-sapanahon-ng-krisis/>.
10. Hicana, M.F. (2013) Dalawang Kaso: Kunwari o Halimbawa? Alin sa Dalawa Sinong Siya? Tao o Bagay = Two Cases: Kunwari or Halimbawa? Which of the Two? What or Who is Being Referred to? A Person or a Thing. https://www.researchgate.net/publication/318528715_Dalawang_Kas_Kunwari_o_Halimbawa_Alin_sa_Dalawa_Sinong_Siya_Tao_o_Bagay_Two_Cases_Ku

- [*nwari or Halimbawa Which of the Two What or Who is Being Referred to a Person or a Thing.*](#)
11. Hunt et al. (2019) Ethics at the Intersection of Crisis Translation ang Humanitarian, 25.11 Ibid. salin ni Mark Bonabon (Biri, Hilagang Samar, 2020) <https://booksphilippines.gov.ph/mga-danas-at-dalumat-sa-paghubad-sapanahon-ng-krisis/>.
 12. Jasanoff, S. (2012) Cosmopolitan Knowledge: Climate Change ang Global Civic Epistemology” In The Oxford Handbook of Climate Change and Society Edited bby John s. Dryzek, Richard B. Norgaard, and David Schlosberg (New York: Oxford University Press, 2012), salin ni Mark Bonabon (Biri, Hilagang Samar, 2020) <https://booksphilippines.gov.ph/mga-danas-at-dalumat-sa-paghubad-sapanahon-ng-krisis/>.
 13. Mekonen, S., Manelew, W.S., Ambelu, A (2014). Importance of labelling and patient knowledge to ensure proper care during drug dispensing: A case study from a tertiary hospital in Ethiopia. *Open Journal of Preventive Medicine*. Sa sipi nina Dagatan et al., (2018) <https://www.scribd.com/document/383195296/IMP-LIKASYON-SA-PAG-UNAWA-NG-MGA-PILIPINO-SA-MIDYUM-NA-WIKANG-INGLES-NA-GINAGAMIT-SA-MGA-GAMOT-ISANG-PAG-AARAL>.
 14. Narvaez, EAG. (2020) Terminolohiya Kauugnay ng COVID-19 (Salin sa Filipino. *EMBASSY OF THE PHILIPPINES PHNOM PENH, CAMBODIA*. <https://phnompenhpe.dfa.gov.ph/announcements/932-terminolohiya-kaugnay-ng-covid-19-salin-sa-filipino-3>.
 15. Portland Community College. (2017, Oktubre 03). The Importance of Medical Terminology on the Healthcare Field. Inilathala sa <http://climb.pcc.edu/blog/the-importance-of-medical-terminology-in-the-healthcare-field> Sa sipi nina Dagatan et al., (2018) <https://www.scribd.com/document/383195296/IMP-LIKASYON-SA-PAG-UNAWA-NG-MGA-PILIPINO-SA-MIDYUM-NA-WIKANG-INGLES-NA-GINAGAMIT-SA-MGA-GAMOT-ISANG-PAG-AARAL>.
 16. Rada, E. (Estilo ng Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Teksbuk sa Araling Makabayan. Vol-2.1 mula sa LANGUAGE 130 at University of the Philippines Diliman. <https://www.coursehero.com/file/65968128/vol-21-Estilo-ng-Pagsasalin-sa-Wikang-Filipino-ng-mga-Teksbuk-sa-Araling-Makabayanpdf/>.
 17. Reyes, A.R. (2012). Proseso ng Pagsasalin ng Talumpating inaguraal ni Barrack Obama/ Process of Translating Barack Obama’s Inagural Speech. <https://psllf.files.wordpress.com/2018/07/a-r-c-reyes-kawing-1-2.pdf>.
 18. Yu Lha, (2020, February 17). Fighting the coronavirus in local language, *Language on the move*, salin ni Mark Bonabon (Biri, Hilagang Samar, 2020) <https://booksphilippines.gov.ph/mga-danas-at-dalumat-sa-paghubad-sapanahon-ng-krisis/>